# PAGTUKOY SA MAHALAGANG DETALYE SA PAKSANG NARINIG



**PAG- ALAM SA MGA NATUTUHAN**

**Panuto:** Ipabasa nang malakas sa iyong kasama sa bahay ang sumusunod na teksto. Pakinggan at unawaing mabuti ang mahahalagang detalye.

> Nakakabahala ang biglang pagtaas muli ng COVID-19 cases sa lungsod. Senyales ito na karamihan sa atin ay nagiging kampante na sa kapaligiran at maaaring nakakalimot na kasalukuyan tayong namumuhay sa gitna ng *pandemic*.
>
> Muli, nakikiusap ako sa lahat na maging maingat at sundin pa rin ang 3P's — Pagsuot ng *Facemask*, *Physical Distancing* at Paghuhugas ng kamay. Kung galing sa labas ng bahay, hangga't maaari ay huwag munang magtanggal ng *facemask* kung hindi pa tapos mag-*disinfect* at siguraduhin ding nalinisan ang mga gamit na inilabas ng bahay at i-*disinfect* ito nang mabuti.
>
> **Source: Lenlen Oreta Facebook Page**
> **24 February 2021**

1. Ano ang pangunahing paksa ng pabatid?
2. SIno ang nagpahayag ng mensahe?
3. Kailan at saan ito ipinahayag?
4. Bakit sa palagay mo, kinailangang maglabas ng ganitong mensahe?
5. Ayon sa mensahe, paano matutugunan ang suliranin ng ating bayan?

LIVEWORKSHEETS



## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Matapos basahin o ipabasa ang teksto, gawin ang kasunod na *graphic organizer*.

### DEPARTMENT OF HEALTH

Ang **Department of Health** o **DOH** ay isa ring ahensiya ng pamahalaan na tumutulong sa mga pangangailangang medikal ng mga mamamayan. Sa pamamagitan ng iba't ibang programa at kampanya laban sa mga sakit, naiiwasan ang matinding pagkalat nito.

Ang ilan sa mga layunin ng DOH ay ang pagpuksa sa mga nakamamatay na sakit gaya ng **Severe Acute Respiratory Syndrome**, at mga sakit na nakukuha natin sa kagat ng lamok gaya ng **dengue**, **malaria**, at **Japanese Encephalitis**.

Sa pamamagitan ng matinding pangangampanya ng DOH laban sa mga sakit, naiiwasan ang mabilis na pagkalat ng mga nakamamatay na sakit na ito. Dahil dito, ang ating pamayanan ay namumuhay nang malusog at malayo sa anumang panganib na dulot ng sakit.

Tungkulin ng DOH:

______________________________

______________________________

Layunin ng DOH:

______________________________

______________________________

______________________________

Paksa ng Teksto

Gawain ng DOH upang maiwasan ang sakit at pagkalat nito:

______________________________

______________________________

Bunga ng pagsisikap ng DOH:

______________________________

______________________________

LIVEWORKSHEETS